Multnomah Votes

Multnomah County

# Espesyal na Halalan sa Mayo 2025

# Pamplet para sa mga Botante ng Multnomah County sa Wikang Tagalog

**Dalawang paraan para Ibalik ang iyong Balota**
Isumite ang iyong Balota sa pamamagitan ng sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo (postage-paid return envelope) na namarkahan ng koreo nang o bago mag-Araw ng Halalan; o Ibalik ang iyong Balota sa isang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota nang hindi lalampas sa 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan Mayo 20, 2025.

# Pamplet para sa mga Botante ng Multnomah County

# Mayo 20, 2025
# Halalan para sa Espesyal na Distrito

# Pagboto sa Maraming Wika
# Nasa loob ang Impormasyon

Mag-rehistro para makaboto bago mag-**Martes, Abril 29, 2025**. Kung kinakailangan, i-update ang iyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante o mag-rehistro para makaboto sa OregonVotes.gov/MyVote.

**Ang mga opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota ay naapektuhan ng mga pagsasara para sa konstruksyon ng aklatan ngayong halalan.**

**Sa loob ay may makikita kang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa lokasyon ng opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota.**

**Multnomah County Duniway-Lovejoy**
**Gusali para sa Pangangasiwa ng Halalan**
**(Multnomah County Duniway-Lovejoy**
**Elections Building)**
1040 SE Morrison Street
Portland, OR 97214

**Karagdagang Lugar ng Serbisyo para sa Botante**
(Sa loob ng Multnomah County East Building)
600 NE 8th Street, Gresham, OR 97030
Magbubukas sa Abril 28 – Mayo 20, 2025

**#MultnomahVotes**
@MultCoElections

Telepono: 503-988-VOTE | 800-735-2900 TTY

**Minamahal na Botante ng Multnomah County:** Ito ang iyong Pamplet para sa mga Botante sa Halalan para sa Espesyal na Distrito sa Mayo 20, 2025. Ang pamplet na ito ay ipinapadala sa koreo para sa lahat ng kabahayan sa Multnomah County at may kasamang impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga panukalang-batas mula sa mga lokal na espesyal na distrito sa loob ng mga hangganan ng County. Mahalaga ang mga lokal na halalan. Mangyaring isaalang-alang ang sumusunod na impormasyon para mabilang ang iyong boto sa halalang ito.

- Ang huling araw ng rehistrasyon ay sa **Martes, Abril 29, 2025**. Maaari mong tingnan ang iyong katayuan sa rehistrasyon at i-update kung kinakailangan sa www.OregonVotes.gov/MyVote

- Distrito para sa Kaligtasan sa Baha at Kalidad ng Tubig sa Lungsod: Ito ang unang regular na eleksyon ng mga direktor para sa distritong ito. Upang ipatupad ang hindi sabay-sabay na termino, ang mga mahahalal na direktor sa Mayo ay magbubunutan pagkatapos ng eleksyon upang matukoy kung aling dalawang posisyon ang ilalagay sa balota sa Mayo 2027 at aling tatlong posisyon ang ilalagay sa balota sa Mayo 2029.

- **Anim na opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota ang naapektuhan ng mga pagsasara para sa konstruksyon ng aklatan ngayong halalan. Kabilang dito ang: Mga aklatan ng Albina, Belmont, Kenton, Rockwood, St. John's, at Woodstock.** Kung madalas mong puntahan ang isa sa mga lokasyon ng mga aklatang ito, pakitingnan ang ating pahina ng Impormasyon sa Pagbabago ng Lokasyon ng Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota para sa higit pang mga detalye kung paano ibabalik ang iyong balota sa isa sa ating mga bagong lokasyon ng opisyal na kahon ng balota. Makipag-ugnayan sa amin kung kailangan mo ng tulong sa pagsumite ng iyong balota.

- **Para sa listahan ng mga opisyal na mga lugar para sa pagsumite ng balota sa Multnomah County, bisitahin ang aming website: www.MultCo.us/DropSites**

Ang mga balota ay ipapadala sa koreo para sa mga rehistradong botante sa Miyerkules, Abril 30, 2025. Kung hindi mo matanggap ang iyong balota bago mag-Huwebes, Mayo 8, 2025, tumawag sa 503-988-VOTE (8683) o mag-email sa elections@multco.us.

Para mabilang, ang mga binotohang balota ay kailangang **matanggap sa alinmang tanggapan para sa halalang Pang-county sa Oregon o sa** lokasyon ng **Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota** bago mag-**8:00 p.m., Martes, Mayo 20, 2025**, o **namarkahan ng koreo bago mag-Martes, Mayo 20, 2025**.

Bilang karagdagan, hinihiling namin sa mga botante na ***Gumawa Tayo ng Plano para BUMOTO!*** Narito ang magagawa mo para maging handa para sa eleksyon at matiyak na mabibilang ang iyong boto:

1. **Magrehistro para MAKABOTO.** Kung kinakailangan, i-update ang iyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante o magrehistro para makaboto sa OregonVotes.gov/MyVote. Ang Huling Araw ng Pagpapaparehistro bilang Botante ay sa ika-29 ng Abril. Mag-sign up upang Subaybayan ang Iyong Balota sa Multco.us/TrackYourBallot.
2. **Kuhanin ang iyong balota.** Makukuha mo ang iyong balota sa koreo simula Abril 30. Kung hindi mo natanggap ang iyong balota pagsapit ng Ika-8 ng Mayo, kumilos at kontakin ang tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan.
3. **BUMOTO gamit ang iyong balota.** Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota. Ang iyong lagda ang iyong pagkakakilanlan. Kung makalimutan mong lumagda o ang iyong lagda ay hindi tugma, kokontakin ka namin para makagawa ka ng aksyon at mabilang namin ang iyong boto.
4. **Ibalik ang Iyong Balota** Dalawang paraan para ibalik ang iyong balota – **1) Ibalik sa pamamagitan ng koreo,** dapat may marka ng koreo ang iyong balota pagsapit ng Martes, ika-20 ng Mayo at natanggap sa loob ng pitong araw para mabilang. **2) Opisyal na Lugar ng Drop Box,** dapat matanggap ang mga hinulog na balota sa anumang tanggapan para sa Halalang Pang-county sa Oregon o opisyal na lugar ng drop box pagsapit ng 8:00 p.m., Martes, Ika-20 ng Mayo.
5. **Iparinig ang iyong BOSES at gumawa ng kaibhan.** Ipo-post ang hindi opisyal na mga resulta ng halalan pagkatapos ng 8 PM Ika-20 ng Mayo sa MultnomahVotes.gov. Ang pinal at opisyal na mga resulta ng halalan ay sesertipikahin pagdating ng Ika-16 ng Hunyo, 2025.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, maaari kang makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa 503-988-VOTE (8683).

Taos-pusong sumasaiyo,

Tim Scott,
Direktor sa Halalan ng Multnomah County

**PAKITANDAAN: Iniimprenta ng Halalang Pang-county ng Multnomah ang impormasyon gaya ng naisumite. Hindi namin itinatama ang pagbaybay ng salita, bantas, gramatika, sintaks, mga mali o hindi tumpak na impormasyon.**

# Mga Detalyeng Dapat Malaman tungkol sa Pagboto at Halalan

## Sino ang maaaring mag-rehistro para makaboto sa Oregon?

- Ikaw dapat ay isang mamamayan ng Estados Unidos,
- Isang residente ng Oregon,
- At hindi bababa sa 16 na taong gulang. Makukuha mo ang iyong unang balota sa pamamagitan ng koreo kapag ikaw ay 18 taong gulang na.

**Kailangan kang mag-rehistro para makaboto nang hindi bababa sa 21 araw bago ang Araw ng Halalan.**

## Paano ako maaaring mag-rehistro para makaboto?

- Online sa oregonvotes.gov/register o
- Sa isang papel na Kard ng Rehistrasyon ng Botante ng Oregon na maaaring kunin sa tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan, DMV, pampublikong aklatan, o post office.

## Paano isinasagawa ang pagboto sa pamamagitan ng koreo?

Ang lahat ng halalan sa Oregon ay isinasagawa ng tanggapan para sa halalang pang-county. Direktang ipinapadala sa mga botante ng tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan ang mga balota sa pamamagitan ng koreo. Kukumpletuhin ng mga botante ang kanilang mga balota, at pagkatapos ay ibabalik ang mga ito sa tanggapan para sa halalang pang-county sa pamamagitan ng koreo o paghulog sa mga ito sa isang Opisyal na Drop Box ng Balota.

**Ilang simpleng hakbang para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo:**
1) Mag-rehistro para Makaboto
2) Tumanggap ng Kard na may Rekord ng Rehistrasyon ng Botante
3) Tumanggap ng Pamplet para sa mga Botante
4) Tanggapin ang Iyong Balota
5) Bumoto gamit ang Iyong Balota
6) Ibalik ang Iyong Balota

## Paano bumoto gamit ang aking balota?

Hanapin ang kandidato o tugon sa panukalang-batas (YES (OO) o NO (HINDI)) na iyong napili. Ganap na itiman ang bilog sa kaliwa ng iyong napili gamit ang itim o asul na tinta. Huwag gumamit ng mga felt tip marker.

## Mga Boto para sa Pagsasama ng Pangalan

Upang bumoto para sa pagsasama ng pangalan ng isang kandidato na hindi nakikita sa balota, ganap na itiman ang bilog sa kaliwa ng linyang nakalaan para sa naturang katungkulan at isulat ang buong pangalan ng kandidato sa linyang iyon.

- Tiyaking namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat labanan.
- Ang iyong opisyal na balota ay maaaring maglaman ng mga labanang nakalathala sa magkabilang pahina ng iyong balota.
- Ilagay ang balota sa sobre para sa pagbabalik ng patunay ng pagkakakilanlan.
- Basahin ang Pahayag ng Botante na nasa sobreng ibabalik at lumagda sa kahon para sa lagda.
- **Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi mo nilagdaan ang sobreng ibinalik.**
- Ang bawat lagda ay kinukumpara sa lagda sa rehistrasyon na nasa file. Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota.

Kung bumoto ka ng mas maraming kandidato kaysa sa pinahihintulutan, o kung **pareho** mong binoto ang Oo **at** Hindi sa isang panukalang-batas, tinatawag itong bumoto ng labis at **hindi mabibilang** ang iyong boto para sa labanang iyon.

**Kung nagkamali ka o nagbago ang isip mo habang minamarkahan ang iyong balota,**

- Maaaring ikaw mismo ang magwasto nito.
- **Gawing malinaw ang iyong pagpili** para maunawaan ang iyong hangarin at mabilang nang tama ang iyong boto.

Kung hindi mo magawang iwasto ang iyong balota, maaari kang humiling ng pamalit na balota mula sa tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan.

## Ibalik ang Iyong Balota

Ipadala sa amin ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo ng U.S.

Kailangang namarkahan ito ng koreo sa o bago ang Araw ng Halalan sa Martes, ika-20 ng Mayo, 2025. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

Dalhin ang iyong balota sa alinmang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Oregon bago mag-8:00 p.m. sa o bago ang Araw ng Halalan sa Martes, Mayo 20, 2025.

# 24 na Oras na Opisyal na Mga Lugar para sa Pagsumite ng Balota

### Portland

**North**

- **Rose Quarter** – matatagpuan sa timog na bahagi ng Rose Quarter malapit sa fountain at karatula ng Rip City – **Walk up lamang.**
- **Paaralang Elementarya ng James John (James John Elementary School)** – 8315 N Lombard St. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay nasa bangketa sa hilagang-kanlurang kanto ng N Lombard St. at Charleston Ave. – **Walk-up lamang**
- **Estatwa ni Paul Bunyon (Paul Bunyon Statue)** – **BAGO** – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa sangandaan ng N Interstate at Denver Ave. – **Walk-up lamang**
- **Aklatan ng North Portland (North Portland Library)** (Library Book Drop) – 512 N Killingworth St.
- **Dating Green Zebra Grocery (Formerly Green Zebra Grocery)** – 3011 N Lombard St. – Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa bangketa. **Walk-up lamang**
- **McCoy Park** – matatagpuan sa timog-silangang kanto ng McCoy Park malapit sa sangandaan ng N Trenton St. at Newman Ave. – **Walk-up lamang.**

**Northeast**

- **Sentrong Pangkomunidad ng Matt Dishman (Matt Dishman Community Center)** – 77 NE Knott St. **Walk-up lamang.**
- **Aklatan ng Hollywood (Hollywood Library)** (Library Book Drop) – 4040 NE Tillamook St.
- **McDonald's Restaurant** – 2010 NE César E Chávez Blvd. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa kanlurang bahagi ng NE 40th Ave sa pagitan ng NE Tillamook St at Hancock St. at malapit sa Aklatan ng Hollywood (Hollywood Library).

- **Aklatan ng Gregory Heights (Gregory Heights Library)** (Library Book Drop) – 7921 NE Sandy Blvd.
- **Komunidad ng Parkrose** – 4390 NE 102nd Ave. – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa silangang parking lot sa tapat ng kalye mula sa MHCC Maywood Park Center sa NE 102nd Ave. at Prescott St.

**<u>Northwest</u>**

- **(Aklatan ng Northwest) Northwest Library** (Library Book Drop) – 2300 NW Thurman St.

**<u>Southeast</u>**

- **Halalang Pang-county ng Multnomah** – 1040 SE Morrison St.
    - **SE 11th Avenue** – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa silangang bahagi ng SE 11th Ave. sa pagitan ng SE Morrison St. at Belmont St.
    - **SE Belmont Street** – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa hilagang bahagi ng SE Belmont St. sa pagitan ng SE 10th Ave. at 11th Ave.
    - **1040 SE Morrison Street** –Ang Walk/Bike-up na Opisyal na Drop Box ng Balota ay isang puwestong nasa gilid ng gusali na matatagpuan sa panulukan ng SE 11th Ave. at Morrison St.
- **Hawthorne Holds Pickup** (Library Book Drop) – 3557 SE Hawthorne Blvd. – Maaaring gamitin ng mga botante ang book drop at panloob na drop box ng balota.
- **Aklatan ng Holgate (Holgate Library)** – 7905 SE Holgate Blvd. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay nasa kaliwa ng contactless library holds pickup sa hilagang bahagi ng gusali, malapit sa parking lot. **Walk-up lamang.**
- **Aklatan ng Midland (Midland Library)** - 805 SE 122nd Ave. –Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay katabi ng slot para sa pagsasauli ng libro sa timog na bahagi ng gusali. Maaaring ihulog ang mga balota sa Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa parking lot ng aklatan.
- **Portland Mercado** – 7238 SE Foster Rd. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa plasa ng Portland Mercado sa SE Foster Rd. at 72nd Ave. **Walk-up lamang.**
- **Regal Cinemas Movie Theater / M & M Car Wash** – SE Division St. & 165th Ave. – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa parking lot ng Regal Cinemas sa likod ng M & M Car Wash.
- **Aklatan ng Rockwood (Rockwood Library)** – 17917 SE Stark St. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa bangketa.
- **Aklatan ng Sellwood – Moreland (Sellwood – Moreland Library)** (Library Book Drop) – 7860 SE 13th Ave.
- **Aklatan ng Woodstock (Woodstock Library)** – 6008 SE 49th Ave. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa bangketa.

**Southwest**

- **A–Boy Supply** – 7365 SW Barbur Blvd.
- **Aklatan ng Capitol Hill (Capitol Hill Library)** (Library Book Drop) – 10723 SW Capitol Hwy.
- **Aklatan ng Hillsdale (Hillsdale Library)** (Library Book Drop) – 1525 SW Sunset Blvd.
- **Aklatan ng Central (Central Library)** (Library Book Drop) – 801 SW 10th Ave. – Ang mga balota ay maaaring ihulog sa **drive-up** book drop sa SW 11th Ave. sa pagitan ng SW Yamhill St. at Taylor St.
- **Pioneer Courthouse Square** – 700 block ng SW Broadway (sa tabi ng Starbucks at sa tapat ng Nordstrom) – **Walk-up lamang.**

## Fairview

- **Aklatan ng Fairview – Columbia (Fairview – Columbia Library)** (Library Book Drop) – 1520 NE Village St.

## Gresham

- **Aklatan ng Gresham (Gresham Library)** (Library Book Drop) – 385 NW Miller Ave. – Maaaring ilagay ang mga balota sa Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa parking lot ng aklatan.
- **Karagdagang Lugar ng Serbisyo para sa Botante – Limitadong Oras** – Multnomah County East Building, 600 NE 8th St. – Mayroong Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa loob ng Karagdagang Lugar ng Serbisyo para sa Botante sa unang palapag ng Multnomah County East Building. Bukas lamang ito sa mga oras na bukas ang lugar ng serbisyo para sa botante. Kakailanganin mong pumarada at pagkatapos, lumakad papasok para ihulog ang iyong balota.

## Troutdale

- **Aklatan ng Troutdale (Troutdale Library)** (Library Book Drop) – 2451 SW Sunset Blvd.

# Mga Pagbabago sa Lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota

Para sa impormasyon tungkol sa pagsasara ng Aklatan ng Multnomah County (Multnomah County Library), bisitahin ang: https://multcolib.org/library-construction-closures

**Dalhin ang iyong balota sa alinmang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Oregon bago mag-8:00 p.m. sa o bago ang Araw ng Halalan sa Martes, Mayo 20, 2025.**

Para sa listahan ng mga opisyal na mga lugar para sa pagsumite ng balota sa Multnomah County, bisitahin ang ating website: www.MultCo.us/DropSites

### North Portland

**Aklatan ng Kenton (Kenton Library)** – 8226 N Denver Ave.
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Kung gagamitin mo ang aklatan ng Kenton (Kenton Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: ang pinakamalapit na opisyal na drop box ng balota ay matatagpuan sa Estatwa ni Paul Bunyon sa timog kanlurang kanto ng sangandaan sa N Interstate Ave. at Denver Ave.Isa itong walk-up na kahon ng balota.

**Aklatan ng St. John's (St. John's Library)** – 7510 N Charleston Ave.
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Kung gagamitin mo ang aklatan ng St. John’s (St. John’s Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: ang pinakamalapit na opisyal na drop box ng balota ay matatagpuan sa bangketa ng James John Elementary School (8315 N Lombard St.) sa hilagang kanlurang kanto ng N Lombard St. at Charleston Ave. Isa itong walk-up na kahon ng balota.

### Northeast Portland

**Aklatan ng Albina (Albina Library)** – 216 NE Knott St.
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Kung gagamitin mo ang Aklatan ng Albina (Albina Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: ang pinakamalapit na opisyal na drop box ng balota ay matatagpuan sa labas ng Matt Dishman Community Center (77 NE Knott St.) Ito ay isang walk-up na kahon ng balota.

**Southeast Portland**

**Aklatan ng Belmont (Belmont Library)** – 1038 SE César E Chávez Blvd.
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Kung gagamitin mo ang Aklatan ng Belmont (Belmont Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: ang pinakamalapit na opisyal na drop box ng balota ay matatagpuan sa loob ng Hawthorne Holds Pickup (3557 SE Hawthorne Blvd.). Magagamit ng mga botante ang book drop at ang drop box ng balota sa loob.

**Aklatan ng Rockwood (Rockwood Library)** – 17917 SE Stark St. (Opisyal na Drop Box ng Balota)
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Ang 24 na oras na Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa bangketa.

**Aklatan ng Woodstock (Woodstock Library)** – 6008 SE 49th Ave. (Opisyal na Drop Box ng Balota)

*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Ang 24 na oras na Opisyal na Drop Box ng Balota ay matatagpuan sa bangketa.

# Mga Depinisyong Pang-halalan

Ginaganap ang mga halalan para sa espesyal na distrito sa ikatlong Martes ng Mayo ng mga taon na nagtatapos sa odd number. Ang halalan sa Martes, Mayo 20, 2025 ay isang Halalan para sa Espesyal na Distrito na isinasagawa upang ihalal ang mga miyembro ng lupon sa mga espesyal na distrito, gaya ng mga lupon ng paaralan, tagasuplay ng tubig, o pamatay-sunog ng mga distrito.

### Distrito ng Kolehiyong Pangkomunidad (Community College District)

Ang mga kolehiyong pangkomunidad, tinatawag kung minsan na mga junior college, ay mga paaralang nagbibigay ng edukasyon pagkatapos ng edukasyong sekundarya sa loob ng dalawang taon. Sa Oregon, ang bawat kolehiyong pangkomunidad ay may inihalal na Lupon ng Kolehiyong Pangkomunidad na nagtatakda ng patakaran para sa kolehiyo. Pinangangasiwaan ng lupon ang pagbuo ng mga programa at serbisyo, ang pagpapatibay ng mga patakaran at badyet, upang matugunan ang mga pangangailangan ng distrito ng kolehiyo.

### Serbisyong Pang-edukasyon para sa Distrito (Education Service District)

Ang Serbisyong Pang-edukasyon para sa Distrito (Education Service District, ESD) ay isang ahensyang pang-edukasyon sa rehiyon. Nagtatrabaho ang mga ESD para mabigyan ang iba't ibang distrito ng paaralan ng sari-saring programa at serbisyong pang-edukasyon, na ang karamihan dito ay masyadong magastos o limitado ang pangangailangan para sa isang lokasyon. Ang Serbisyong Pang-edukasyon para sa Distrito ng Multnomah (Multnomah Education Service District) ay isang kooperatibang pang-edukasyon na nagbibigay ng napakaraming uri ng programa at serbisyo sa panrehiyong paraan para sa mga distrito ng paaralan sa Multnomah County at higit pa. Isang inihalal na lupon ang nangangasiwa sa Multnomah ESD. Limang miyembro ang pinipili ayon sa sona (lugar kung saan sila nakatira), at dalawa ang pinipili mula sa kabuuan ng county.

### Distrito na Tagasuplay ng Tubig

Ang distrito na tagasuplay ng tubig ay isang tagapagkaloob ng serbisyo ng tubig sa rehiyon na inorganisa sa ilalim ng Kabanata 264 ng Mga Kasulatang Batas ng Oregon (Oregon Revised Statutes). Ang distrito na tagasuplay ng tubig ay nagbibigay ng tubig na pang-inom sa mga residente ng distrito. Ang bawat lupon ng distrito na tagasuplay ng tubig ay binubuo ng limang komisyonado ng lupon na inihalal ng mga botante. Tungkulin ng lupon na bumuo ng mga patakaran at pamamaraan at badyet.

### Pamatay-sunog ng Distrito

Ang mga Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ay mga serbisyong pamatay-sunog para sa mga distrito na inorganisa sa ilalim ng Kabanata 478 ng Mga Kasulatang Batas ng Oregon (Oregon Revised Statutes). Ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ay nagbibigay serbisyo para sa pag-apula ng sunog at medikal na pang-emerhensiya sa mga residente ng distrito. Ang bawat Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ay binubuo ng limang miyembro ng lupon na inihalal ng mga botante. Tungkulin ng lupon na bumuo ng mga patakaran at pamamaraan at badyet.

### Pandistritong Pangangalaga ng Lupa at Tubig (Soil and Water Conservation District)

Ang Programa ng Pandistritong Pangangalaga ng Lupa at Tubig (Soil and Water Conservation District, SWCD) ay nagbibigay ng mga serbisyo sa 45 Pandistritong Pangangalaga ng Lupa at Tubig (Soil and Water Conservation District) sa buong Oregon. Kabilang sa mga serbisyong ito ang teknikal na suporta at limitadong administratibong pangangasiwa, na may layuning bawasan ang pananagutan at panganib sa mga SWCD at sa Kagawaran ng Agrikultura ng Oregon (Oregon Department of Agriculture).

**Distrito ng Paaralan**

Tungkulin ng mga distrito ng paaralan na pangasiwaan ang mga pampublikong paaralan. Karaniwan na kabilang sa isang distrito ng paaralan ang mga paaralang elementarya, middle o junior high school, at mga high school at pinamamahalaan ang mga ito ng Lupon ng Distrito ng Paaralan. Ang mga lupon ng mga distrito ng paaralan sa Oregon ay binubuo ng pitong inihalal na miyembro ng lupon ayon sa distrito o ayon sa sona. Ang ilang miyembro ng lupon ay kailangang naninirahan o inihahalal ayon sa sona at sa kabuuan, ang ilan ay inihahalal ng mga botante sa distrito ng paaralan.

**Termino/Terminong Hindi pa Natatapos**

Ang mga miyembro ng lupon ay naglilingkod sa loob ng apat na taong termino. Kung magkaroon ng bakante sa Lupon, maaaring magsagawa ng halalan upang punan ang natitirang 2 taong termino na hindi pa natatapos.

Makikita ang higit pang mga depinisyon sa: **https://multco.us/info/election-definitions**
**Oregon.gov/languages/pages/glossary.aspx**

# Panukalang-Batas 5-305 – Pamatay-sunog ng Distrito ng Scappoose (Scappoose Fire District)

**Ipagpatuloy ang Limang Taong Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis para sa Pamatay-sunog ng Distrito ng Scappoose (Scappoose Fire District)**

**Tanong:** Dapat bang ipagpatuloy ng Pamatay-sunog ng Distrito ng Scappoose (Scappoose Fire District) ang ipinataw na buwis na $1.99 kada $1000 nang limang taon pa upang tustusan ang mahahalagang gawaing medikal/pamatay-sunog? Ire-renew ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na buwis.

**Buod:** Ang iminungkahing panukalang-batas ay naglalayong ipagpatuloy ang ipinataw na buwis na $1.99 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian para sa Pamatay-sunog ng Distrito ng Scappoose (Scappoose Fire District), na nagpopondo sa mahahalagang gastusin sa pagpapatakbo mula 2027 hanggang 2031. Mahalaga ang kitang ito para sa ilang pangunahing serbisyo, kabilang ang patuloy na pagtatalaga ng kawani 24/7 sa dalawang ambulansya kasama ang mga gamot at kagamitan na sumusuporta sa mga gawaing pagtugon. Titiyakin ng pagpopondo ang pagtalima sa pagsusuring medikal ng NFPA para sa mga bumbero. Ginagamit din ang mga pondo mula sa ipinataw na buwis para tuparin  ang mga kinakailangang pagsusuri at pagpapalit ng mga personal na kagamitang pamproteksyon ayon sa pamahalaang pederal at OSHA. Gagamitin ang mga pondo para sa taunang inspeksyon at pagpapanatili ng kaligtasan para sa apat na himpilan ng bumbero. Ginagamit din ang mga pondo mula sa ipinataw na buwis upang panatilihin ang pagtalima sa NFPA at pamahalaang pederal para sa pagpapanatili at pagpapalit ng mga sasakyang pang-emerhensiya kapag kinakailangan. Ang inaasahang kita mula sa ipinataw na buwis ay tinatayang nasa $3,381,674 sa 2027, $3,483,125 sa 2028, $3,587,618 sa 2029, $3,695,247 sa 2030 at $3,920,287 sa 2031, tinitiyak nito ang mga mahahalagang mapagkukunan para sa kaligtasan ng komunidad. Ang tinantyang halaga ng buwis ay batay sa datos mula sa tagatasa ng county at isinasaalang-alang ang mga potensyal na diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at mga rate ng koleksyon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Ang iminungkahing panukalang-batas sa pagpopondo ay mahalaga para mapanatili at mapahusay ang mga komprehensibong serbisyong pang-emerhensiya na ibinibigay ng ating pamatay-sunog ng distrito. Ang panukalang-batas na ito ay tumutugon sa ilang mahahalagang isyu na kinakaharap ng aming mga ahensya para sa pagtugon sa emerhensiya, tinitiyak nito na patuloy naming maibigay ang epektibong pangangalaga at suporta sa mga residente.

Nagbibigay ang ating pamatay-sunog ng distrito ng maraming uri ng serbisyo, kabilang ang pagtugon sa sunog sa istruktura, pagtugon sa mga malawakang sunog, pag-apula ng sunog sa karagatan (nagsilbi sa 16 na pantalan), mga pinalawak na panligtas-buhay na serbisyo ng ambulansya, paramedic na programang pang-komunidad, pagligtas sa mga taong nasa panganib sa tubig, at pagsagip gamit ng lubid. Bukod pa rito, nakikibahagi kami sa mga aktibidad sa pagbabawas ng panganib sa komunidad, na kinabibilangan ng mga inspeksyong pamatay-sunog at pangkaligtasan para sa mga negosyo, pagsasanay sa pag-apula ng apoy para sa komunidad, pagpaplano at pagsasanay sa pagtugon sa emerhensiya. Nagsasagawa rin kami ng mga pagsusuri sa mga plano kaugnay ng sprinkler, alarma sa sunog, at pamatay-sunog at kaligtasan, at nagbibigay kami ng pang-edukasyon na mga klase sa STEM at pang-kolehiyo sa lokal na high school, pati na rin mga programang pang-edukasyon kaugnay ng pamatay-sunog at kaligtasan para sa mga paaralan.

Ipinakikita sa datos na maraming kinahaharap na mga pangangailangan ang aming sistema para sa pagtugon sa emerhensiya, kung saan sa karaniwang bilang ng tawag kada buwan, makikita na sabay-sabay dumarating ang maraming tawag pang-emerhensiya 50% ng oras. Ang mataas na bilang ng tawag na ito ay nagpapatunay sa kahalagahan ng pagpapanatili ng dalawang ambulansya na magagamit 24 na oras sa isang araw, tinitiyak nito ang agarang pagtugon sa mga emerhensiya, kailanman ito mangyari.

Sa kasalukuyan, bumababa ang kita mula sa pagsingil sa ambulansya, at karaniwang nasa humigit-kumulang 40% ang aming rate ng koleksyon mula sa Medicare at Medicaid. Ang kakulangang ito ay nagdudulot ng problemang pinansiyal sa kakayahan naming makapagbigay ng mga mahahalagang serbisyo at makabili ng kinakailangang mga gamot at kagamitan para suportahan ang aming operasyon sa pagtugon. Ang pagkakaroon ng iminungkahing pagpopondo ay magpapatatag ng aming pananalapi at magbibigay katiyakan na ang aming mga pangkat sa medikal na pang-emerhensiya ay mayroong mga kinakailangang mapagkukunan para sa mataas na kalidad na pangangalaga.

Bukod dito, mahalaga ang pagpopondo para sa pagtalima sa mga kinakailangang pagsusuring medikal ng National Fire Protection Association (NFPA) para sa mga bumbero. Ang pagsunod sa mga pamantayang ito ay nagpapahusay sa kaligtasan at pagiging epektibo ng aming mga tauhan, tinitiyak nito na natutugunan namin ang mga matitinding inaasahan sa mga tagaresponde sa emerhensiya.

Makatutulong din ang mga pondo mula sa ipapataw na buwis na matupad ang mga kinakailangang pagsusuri ng mga personal na kagamitang pamproteksyon ayon sa pamahalaang pederal at Occupational Safety and Health Administration (OSHA). Ang regular na pagsusuri at pagpapalit ng mga kagamitan ay mahalaga para maprotektahan

ang ating mga bumbero at mapanatili ang kanilang kahandaang tumugon nang ligtas at epektibo.

Bukod pa rito, susuportahan ng isang bahagi ng pagpopondo ang taunang inspeksyong pangkaligtasan at pagpapanatili para sa apat na himpilan ng bumbero natin. Napakahalaga na napananatiling maaayos ang mga pasilidad para sa mahusay na pagpapatakbo at pagbibigay ng ligtas na lugar ng trabaho para sa ating mga tauhan pang-emerhensiya.

Ang isa pang mahalagang aspekto ng pagpopondo ay ang pagpapanatili at pagpapalit ng mga sasakyang pang-emerhensiya alinsunod sa NFPA at pederal na mga pamantayan. Napakahalaga na tiyaking nasa pinakamahusay na kondisyon ang ating mga sasakyang pang-emerhensiya para sa kaligtasan ng ating mga tagaresponde at para sa maagap at epektibong paghahatid ng mga serbisyo sa ating komunidad.

Sa kabuuan, ang iminungkahing panukalang-batas ay mahalaga para sa pagpapanatili ng kasalukuyang operasyon at pagtugon sa tumataas na mga pangangailangan para sa mga serbisyong pang-emerhensiya. Magbibigay ito ng kinakailangang pagpopondo upang matiyak na mayroong sapat na ambulansya, suportahan ang pagtalima sa mga kritikal na pamantayang pangkaligtasan, pondohan ang mga mahahalagang pag-aayos at pagpapalit ng mga kagamitan, at mapanatili ang ating mga pasilidad. Sa pag-apruba ng panukalang-batas na ito, makatutulong ang mga residente na matiyak na makatatanggap ang ating komunidad ng nararapat na pangangalagang pang-emerhensiya, na pinangangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng lahat ng mamamayan.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni:* Jeff Pricher, Pinunong Bumbero, Pamatay-sunog ng Distrito ng Scappoose (Scappoose Fire District)

# Panukalang-Batas 26-258 – Kolehiyong Pangkomunidad ng Mt. Hood (Mt. Hood Community College)

**Mga bond para sa pag-update ng edukasyong pangkabuhayan, pagpapaigting ng kaligtasan, seguridad; pagpapaayos ng mga nalulumang pasilidad.**

**Tanong:** Dapat bang i-update ng Kolehiyo ang mga pasilidad na pang-bokasyonal; pahusayin ang pagiging madaling gamitin, kaligtasan, seguridad; ayusin ang mga gusali; mag-isyu ng $136.445 milyon na mga bond; kailangan ba ang pangangasiwa ng mamamayan at mga pag-audit?"

Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Hinahangad ng Kolehiyong Pangkomunidad ng Mt. Hood (Mt. Hood Community College) ang pag-apruba ng mga bond na may pinakamataas na halaga ng prinsipal na $136.445 milyon para tustusan ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs), kabilang ang:

**<u>Pagpapalawak ng mga Pasilidad para sa Edukasyong Pangkabuhayan at Pagtugon sa Dumaraming Pangangailangan</u>**

- Gawing Center for Health Professions ang kasalukuyang espasyo para sa pagsasanay ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng mga nars, surgical technician, respiratory therapist, at tagapayo sa kalusugang pangkaisipan.
- Ayusin ang teknolohiyang pang-silid-aralan para suportahan ang online at hybrid na pag-aaral.

**<u>Pagpapabuti ng Pag-akses Pangkomunidad</u>**

- Mga pagpapahusay sa pool ng komunidad, kabilang ang isang retractable pool cover para magamit sa buong taon, pagkakaroon ng mas maraming oportunidad ng paggamit ng komunidad tulad ng mga klase sa paglangoy at mga lokal na kaganapan.
- **Pag-ibayuhin ang pagiging madaling gamitin.**

**<u>Pagtiyak ng Seguridad sa Kampus</u>**

- **Pagpapaigting ng kaligtasan** sa pamamagitan ng pinahusay na kakayahan sa pag-lockdown, pamatay-sunog, at mga pagpapatibay ng istruktura laban sa lindol.

**<u>Pagpapaayos ng mga Nalulumang Pasilidad</u>**

- **Pag-update ng mga nalulumang sistema sa mga gusaling itinayo noong dekada 1970,** kabilang ang mga bubong, tabike, HVAC at kuryente.
- Mga pagpapaayos sa lugar, demolisyon, mga kasangkapan, kagamitan, mga gastos sa pag-isyu.
- **Inaasahan ang estado na magbigay ng $8 milyon na katugmang mga pondo.**

Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bond na magma-mature sa loob ng 21 taon mula sa panahon ng pag-isyu. Ang tinatayang antas ng ipapataw na buwis ay $0.25 kada $1000 ng tinasang halaga. Ang aktuwal na antas na ipapataw na buwis ay maaaring mag-iba dahil sa mga pagbabago sa mga antas ng interes at/o tinasang halaga ng ari-arian.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Itinatag noong 1966, ang Kolehiyong Pangkomunidad ng Mt. Hood (Mt. Hood Community College MHCC) ay naglilingkod sa 18,000 mag-aaral sa 3 kampus na umaabot mula sa Government Camp hanggang East Portland at lahat ng nasa pagitan nito—Sandy, Corbett, Gresham, Fairview, Wood Village at Troutdale.

**PAANO KASALUKUYANG NAGLILINGKOD ANG MHCC SA ATING KOMUNIDAD:**

**Tinutugunan ang mga Pangangailangan ng Rehiyon**
Sa nakalipas na limang taon, sinanay ng MHCC ang halos 1,000 propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at nagbigay ng 60,000+ na oras ng pagboboluntaryo ng mga mag-aaral sa mga lokal na ospital at klinika.

**Mga Kontribusyon sa Lokal na Ekonomiya**
Ang alumni ng MHCC ay nag-aambag ng mahigit $350 milyon taun-taon sa lokal na ekonomiya sa mga County ng East Multnomah at Clackamas.

**Pagpapalakas sa Ating Lakas-Paggawa**
Ang MHCC ay isang tagapagkaloob ng pagsasanay sa trabaho, na sumusuporta sa mga karera sa pangangalagang pangkalusugan, pagtugon sa emerhensiya, edukasyon, mga kasanayang pangkalakalan, maliliit na negosyo, at higit pa.

**Pangangasiwa sa Pananalapi**
Bilang kaisa-isang pampublikong kolehiyo sa Oregon na tumanggap ng Triple Crown Award ng Government Financial Officers Association, na kinabibilangan ng paggawa ng taunang komprehensibong ulat pampinansyal na nagpapakita ng katapatan (transparency), ang MHCC ay nakatuon sa responsableng pamamahala ng pondo ng mga nagbabayad ng buwis.

**HUMIHILING ANG KOLEHIYO NG SUPORTA NG KOMUNIDAD PARA MAPABUTI AT MAPALAWAK ANG MGA PASILIDAD.**

Ang Lupon ng Edukasyon ng MHCC ay naghahangad ng pag-apruba ng botante para sa isang $136.445 milyon na pangkalahatang bond sa obligasyon upang tugunan ang mga kritikal na pangangailangan sa kapital, palawakin ang mga oportunidad sa pagsasanay para sa karera, at pagbutihin ang mga imprastraktura ng kampus.

**MAYROONG KATUMBAS NA MGA PONDO MULA SA ESTADO**

Inaasahan ng MHCC na makatanggap ng hindi bababa sa $8 milyong katumbas na pondo upang mapunan ang mga gastos mula sa Estado ng Oregon. Nakasalalay ang mga pondong ito sa pagpasa ng bond na ito.

**BAKIT IMINUMUNGKAHI NG KOLEHIYO ANG PANUKALANG-BATAS NA ITO?**

Natukoy ng MHCC ang mga pangunahing priyoridad upang mapabuti ang mga pasilidad pang-edukasyon, mapalawak ang pagsasanay para sa karera, at mapahusay ang kaligtasan sa kampus:

**Pagpapalawak ng mga Pasilidad para sa Edukasyong Pangkabuhayan at Pagtugon sa Pangangailangan para sa Lakas-Paggawa**

- Paggamit ng kasalukuyang mga espasyo upang gumawa ng isang **Center for Health Professions** para sa pagsasanay ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng mga nars, surgical technician, respiratory therapist, at tagapayo sa kalusugang pangkaisipan.
- Pag-upgrade ng teknolohiyang pang-silid-aralan para suportahan ang online at hybrid na pag-aaral.

**Pagpapabuti ng Pag-akses Pangkomunidad**

- Pagpapaayos sa **pool ng komunidad**, kabilang ang paglalagay ng isang retractable cover para magamit sa buong taon, pagkakaroon ng mas maraming oportunidad para sa mga lokal na kaganapan, mga klase sa paglangoy, at libangan.

- Pahusayin ang pagiging madaling gamitin ng mga pasilidad sa kampus para sa mga indibidwal na may kapansanan.

**Pagpapaigting ng Kaligtasan at Seguridad sa Kampus**

- Pag-upgrade ng mga hakbang pangkaligtasan, kabilang ang pinahusay na **mga kakayahan sa pag-lockdown**, mga sistemang pangkaligtasan sa sunog, at mga pagpapatibay ng istruktura laban sa lindol (seismic retrofits) para mapangalagaan ang mga mag-aaral at kawani.

**Pag-aayos at Pag-upgrade ng mga Nalulumang Pasilidad**

- Pagtugon sa mga pangangailangang pang-imprastraktura **sa mga gusaling itinayo noong dekada 1970**, kabilang ang mga pag-aayos ng mga bubong, tabike, sahig, sistema ng pagpapainit, bentilasyon, air conditioning (HVAC), at mga sistema ng kuryente.

**Kabilang sa mga karagdagang minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs) na sakop ng bond ay ang:**

- Mga pagpapabuti sa lugar, demolisyon, mga kasangkapan, at kagamitan.
- Mga gastos kaugnay ng pag-isyu ng bond.

**PANGANGASIWA AT PAGGAMIT NG PONDO NG KOMUNIDAD**

Kung maipapasa ang panukalang-batas, pangangasiwaan ng Lupon ng Edukasyon ng MHCC ang pagpapatupad ng bond upang matiyak na ang lahat ng pondo ay gagamitin para sa mga proyektong inaprubahan ng mga botante. Magpapatupad ang isang independiyenteng komite sa pangangasiwa ng karagdagang pananagutan at katapatan (transparency).

**ANG MGA PONDO MULA SA BOND AY MAAARI LAMANG GAMITIN PARA SA MGA PROYEKTONG INAPRUBAHAN NG MGA BOTANTE.**

Ayon sa batas, ang mga pondo mula sa bond ay maaari lamang gastusin sa mga pagpapahusay sa mga ari-arian (capital improvements) na nakasaad sa panukalang-batas. Hindi **maaaring** gamitin ang mga pondo para sa mga sahod ng mga guro o mga gastos sa pagpapatakbo.

**EPEKTO SA PANANALAPI**

- Magi-isyu ng isa o higit pang serye ng mga bond at magma-mature ang mga ito sa loob ng **21 taon** mula sa panahon ng pag-isyu.

- Tinatayang antas ng ipapataw na buwis: **$0.25 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian**.
- Maaaring mag-iba ang aktuwal na antas ng buwis batay sa mga antas ng interes at tinasang halaga ng ari-arian.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni:* Jennifer DeMent, Bise Presidente, Pananalapi at Pangangasiwa (Finance and Administration); Kolehiyong Pangkomunidad ng Mt. Hood (Mt. Hood Community College)

# Panukalang-Batas 26-259 – Distrito ng Paaralan 1J ng Portland (Portland School District 1J)

**Mga Bond para Mapabuti ang Kalusugan, Kaligtasan, at Pag-aaral; Gawing makabago, Ayusin ang mga Paaralan**

**Tanong:** Dapat bang ayusin at gawing makabago ang Mga Pampublikong Paaralan ng Portland (Portland Public Schools); paigtingin ang kalusugan at kaligtasan; sa pamamagitan ng pag-isyu ng mga bond na tinatayang mapapanatili ang kasalukuyang antas ng buwis?

Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Pinahihintulutan ng panukalang-batas ang hanggang $1.83 bilyong halaga ng prinsipal ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon para sa mga pasilidad at pamumuhunan sa edukasyon.

Kung maaprubahan, tutustusan ng panukalang-batas na ito ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs), kabilang ang:

**Pag-update, Pag-aayos ng mga Nalulumang Paaralang Elementarya at Middle School:**

- I-update/palitan ang mga pangunahing sistema ng gusali, kabilang ang mga bubong, tabike, pagpapainit/pagpapalamig

**Pagtiyak ng Kaligtasan at Seguridad sa mga Paaralan:**

- I-update ang mga sistemang pangkaligtasan, panseguridad
- Mga pag-upgrade ng istruktura laban sa lindol

**Pagsagawa ng modernisasyon, Pagpapahusay ng mga Materyales Pang-edukasyon, Teknolohiya at mga Paaralan:**

- Ayusin/palitan ang mga pasilidad ng paaralan, kabilang ang Cleveland at Ida B. Wells (dating Wilson)
- I-upgrade ang mga materyales sa kurikulum, teknolohiya, kabilang ang mga device para sa mag-aaral

**Pagdagdag ng mga Oportunidad sa Extracurricular:**

- I-upgrade/palawakin ang mga pasilidad pampalakasan (athletic facilities) sa mga high school; gumawa ng mga sentrong pampalakasan (athletic hub) sa buong distrito sa Jackson, Marshall
- I-update ang mga pasilidad pang-sining pantanghalan/teatro

Kailangang may pananagutan/pangangasiwa ng komunidad; mga independiyenteng pag-audit ng mga proyekto at paggasta

Maaaring mag-isyu ng isa o higit pang serye ng mga bond, ang bawat serye ay magma-mature sa loob ng o wala pang 30 taon.

Dahil sa bumababang bayarin sa utang (debt service), ang panukalang-batas ay hindi inaasahang magpapataas sa antas ng buwis sa bond ng PPS nang higit sa $2.50/$1000 ng tinasang halaga, ang antas na pinupunterya mula pa noong 2017 na bond. Maaaring mag-iba ang aktuwal na mga antas batay sa mga antas ng interes at pagbabago sa tinasang halaga.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Kung maaprubahan, ang panukalang-batas na ito ay magbibigay-daan sa mga Pampublikong Paaralan ng Portland (Portland Public Schools) para patuloy na bigyang-priyoridad ang mga paaralang nangangailangan ng malawakang pag-aayos at pagpapalit upang matugunan ang mga panganib sa kaligtasan at ayusin ang mga nasisirang imprastraktura.

Ang panukalang-batas na ito ay hindi inaasahang magpapataas sa mga antas ng buwis nang higit sa level na pinunterya ng 2017 na bond.

Noong 2012, 2017, at 2020, inaprubahan ng mga botante ang mga capital bond na pinondohan ang mga pagpapaayos sa maraming lumang gusali ng mga Pampublikong Paaralan ng Portland (Portland Public Schools), na nagdulot ng mga makabago, mas ligtas na lugar para sa pag-aaral ng mga estudyante.

Simula 2012, ang programa sa bond ay ganap na nakapag-modernisa ng walong paaralan, at may tatlo pang idinidisenyo. Bukod dito, tinugunan ng programa sa bond ang ilang mga pangangailangan sa imprastraktura sa bawat paaralan sa buong Distrito.

Kabilang sa mga naunang pamumuhunan:

- Ang Roosevelt, McDaniel, Franklin, Grant, Benson, at Lincoln High Schools, Kellogg Middle School, Faubion PK-8, at gusali ng Multiple Pathways to Graduation ay ganap na na-modernisa.

- Ang ganap na modernisasyon ng Jefferson, Ida B. Wells, at Cleveland High Schools ay kasalukuyang idinidisenyo.

- Mga pagpapahusay sa kalusugan at seguridad, kasama ang:
  - Pagpapalit ng mga tubo upang mabawasan ang tingga at mapabuti ang kalidad ng tubig;
  - Pag-alis o pagtatakip sa nakalantad na pintura na may tingga at asbestos;
  - Pag-upgrade ng mga sistema ng alarma sa sunog at sprinkler;
  - Pag-aayos o pagpapalit ng mga bubong na may tagas o nasisira na;
  - Pagkontrol sa pagkakalantad sa radon;
  - Pagpapaigting ng kaligtasan at seguridad sa paaralan.

- Mga pagpapahusay sa edukasyon, kabilang ang:
  - Pag-upgrade sa mga laboratoryong pang-agham;
  - Pagpapahusay ng teknolohiya;
  - Mga bagong materyales sa kurikulum.

- Mga pagpapahusay sa pagiging madaling gamitin (ng mga pasilidad) para sa mga bata at matatanda na may kapansanan.

**Ano ang Popondohan ng Iminungkahing 2025 na Bond?**

Kung maaprubahan, tutugunan ng pondo mula sa bond ang mga karagdagang pangangailangan sa gusali, kalusugan, kaligtasan, at pagkatuto sa mga paaralan sa buong Distrito, habang ipinagpapatuloy ang plano ng PPS na komprehensibong tugunan ang mga pangangailangang pampasilidad sa pamamagitan ng pangmatagalang pagpapabuti sa lahat ng ating paaralan.

Kung maaprubahan, ang pondo mula sa bond ay:

**Gagamitin sa pag-update at pag-aayos ng mga Naluluma nang Paaralang Elementarya at Middle School:**

- I-update o palitan ang mga bubong ng paaralan na may tagas at nasisira na, mga sistemang mekanikal (pagpapainit at pagpapalamig), at iba pang pagpapaayos sa gusali

**Magagawang Tiyakin ang Kaligtasan at Seguridad sa mga Paaralan:**

- I-update ang mga sistemang pangkaligtasan at panseguridad - kabilang ang mga karagdagang camera, pagbabakod para protektahan ang mga mag-aaral at kawani
- Mga pag-upgrade ng istruktura laban sa lindol

**Gagamitin para Magsagawa ng modernisasyon, Pahusayin ang mga Materyales Pang-edukasyon, Teknolohiya at mga Paaralan:**

- Ayusin/palitan ang mga pasilidad ng Cleveland at Ida B. Wells (dating Wilson) High Schools
- Gamitin ang anumang matitipid sa gastos mula sa pagpapabuti ng mga pasilidad ng high school para i-update/ayusin ang mga paaralang elementarya at middle school
- Maglaan ng mga materyales sa kurikulum na komprehensibo, naaayon sa kultura, at napapanahon sa mga pangunahin at karagdagang aralin
- Palitan o magbigay ng mga tablet at laptop sa mga mag-aaral upang magkaroon ng pantay na pag-akses sa pagkatuto sa loob ng silid-aralan, at i-update ang teknolohiya sa mga silid-aralan at Distrito

**Pagdagdag ng mga Oportunidad sa Extracurricular:**

- I-upgrade ang mga pasilidad pampalakasan (athletic facilities), kabilang ang mga kinakailangang pagpapabuti para sa Roosevelt, Lincoln, Franklin at Grant at gumawa ng mga pasilidad para sa sentrong pampalakasan (athletic hub) sa Jackson Middle School at Marshall campus.
- I-update ang mga pasilidad pang-sining pantanghalan/teatro.

**Magkano ang Aabutin ng mga Bond?**

Dahil nakatakdang bumaba ang antas ng buwis sa mga kasalukuyang bond, hindi inaasahang lalampas ang antas ng buwis sa bond ng PPS sa dating estimasyon na $2.50 kada $1000 ng tinasang halaga. Ang kabuuang halaga ng prinsipal ng mga bond na pinahihintulutan ng panukalang-batas na ito ay hindi maaaring lumampas sa $1.83 bilyon.

**Pangangasiwa at Pananagutan**

Susuriin ng isang independiyenteng grupo ng mga miyembro ng komunidad ang mga quarterly report at pag-audit kung paano ginagastos ang pondo mula sa bond upang tiyaking may pananagutan sa publiko hanggang sa makumpleto ang konstruksiyon.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ni:* Dr. Kimberlee Armstrong, Superintendent
Mga Pampublikong Paaralan ng Portland (Portland Public Schools)